# Balik -Aral na Pagsusulit sa

# FILIPINO 5

## Unang Termino

(Review Quiz in Filipino 5 – 1st Term)

Pangalan: ______________________ Petsa: ______________ Iskor: ________/20

### Panauhan ng Manunulat

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Tukuyin kung ang nagsasalaysay ay gumagamit ng **Unang Panauhan**, **Ikalawang Panauhan**, o **Ikatlong Panauhan**. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

________________ 1. Noong araw ng paligsahan, maaga akong dumating sa paaralan. Kasama ko ang aking mga kaibigan at sama-sama naming inayos ang aming mga kagamitan bago magsimula ang programa.

________________ 2. Habang naglalakad pauwi, nakita ni Daniel ang isang matandang lalaki na nahihirapang magdala ng kaniyang mga pinamili. Agad siyang lumapit at inalalayan ito hanggang makarating sa tahanan.

________________ 3. Kung nais mong maging handa sa pagsusulit, ugaliin mong basahin muli ang iyong mga tala pagkatapos ng klase. Maaari mo ring isulat ang mahahalagang konsepto upang mas madali mong maalala ang mga ito.

### Kayarian ng Pangungusap

**Panuto:** Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay payak, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay hugnayan.

__________ 4. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw.
__________ 5. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay.
__________ 6. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas.
__________ 7. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop.

### Tayutay

**Panuto:** Suriin ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang **S** kung simili, **M** kung metapora, at **P** kung personipikasyon ang isinasaad sa pangungusap.

__________ 8. Kagat lang ng langgam ang turok ng iniksiyon.
__________ 9. Kawangis ng makahiya ang magugulating matanda.
__________ 10. Parang ulan sa tuyong lupa ang musika sa konsiyerto.

### Pokus ng Pandiwa

**Panuto:** Isulat sa patlang kung ano ang pokus ng pandiwang may salungguhit sa pangungusap.

**A.** Tagaganap  **B.** Tagatanggap  **C.** Gamit

__________ 10. <u>Ipagsaing</u> mo na si Tatay para makakain na siya ng hapunan.
__________ 11. Ako ay <u>magsasanay</u> sa paglalaro ng chess araw-araw.
__________ 12. Ang itim na salamin ay <u>ipinambabasa</u> ni Lolo Pedring.
__________ 13. <u>Ipinangguhit</u> ko sa papel ang mga krayolang ito.

### Denotasyon at Konotasyon

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin kung ang salitang nakadiin ay ginamit sa **DENOTASYON** o **KONOTASYON**. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

________________ 14. Si Nanay ang **<u>ilaw</u>** ng tahanan dahil siya ang nagbibigay ng gabay at pagmamahal sa pamilya.
________________ 15. Mabigat ang **<u>bato</u>** na binuhat ni Carlo mula sa bakuran.
________________ 16. **<u>Bato</u>** sa bigat ang dinadala ng kalooban ni Carlo.

Inihanda ni: T. MJ Morfe, LPT.

LIVEWORKSHEETS